# Mana ni Mina



# Mana ni Mina



*Mga Pamantayan sa Pagkatuto*

*Nailalarawan ang elemento ng kuwento (tagpuan, tauhan, banghay, at pangyayari)*

***F4PN-IIe-12.1***

*Nagagamit nang wasto ang pang-uri (lantay, paghahambing, pasukdol) sa paglalarawan ng tao, lugar, bagay at pangyayari sa sarili, ibang tao at katulong sa pamayanan* ***F4WG-IIa-c-4***

Treasury of Storybooks

* * * * * * * * * * * * * * * * * *  *

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval of conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assembles and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

DEVELOPMENT TEAM



Sa isang tahimik na bukirin sa bayan ng Magalang nakatira ang pamilya ni Mina. Isang magsasaka ang kanyang ama at butihing may bahay naman ang kanyang ina. Masaya silang naninirahan sa bukid kasama ang kanyang dalawang kapatid na sina Ruben at Caloy.

Payapa ang buhay sa bukid. Sa umaga ay magigising ka sa tilaok ng mga manok. Sa hapon naman ay makikita mo ang mga batang naghahabulan sa parang o kaya ay naglalaro ng Patintero o Luksong Tinik. Sa pagsapit ng gabi, wala kang ibang maririnig kung hindi ang mga huni ng mga kuliglig. Ito ang buhay na nakasanayan nina Mina sa bukid.



Isang araw, hindi pa man nagbubukang-liwayway ay bumangon na ang ama at ina ni Mina. Napabalikwas na rin siya sa kanyang higaan dahil sa ingay mula sa kaldero at kawaling pinaglulutuan ng kanyang ina.


"Inay, bakit po ang aga ninyong magluto? Madilim pa po sa labas," tanong ni Mina sa kanyang ina.

"Maaga kasing pupunta sa bukid ang iyong itay at ang mga kasama niya upang gapasin na ang tanim nating palay," ang nakangiting sambit ng kanyang ina habang abala pa rin sa paghahanda ng mga lulutuin.

"Inay, tulungan ko na po kayo sa pagluluto," tugon ni Mina sabay bangon sa kanyang higaan.

"Halika anak at tuturuan kita kung paano magluto ng masarap na sinangag," ang wika ng kanyang ina.

Masaya si Mina habang pinapanood magluto ang kanyang ina. Tumutulong din siya sa paghihiwa ng sibuyas, bawang at mga gulay na lulutuin para sa pagkain ng mga manggagapas.



Nang magliliwanag na ay sumabay siya sa kanyang ina papunta sa palayan. Naglatag ng sapin ang kanyang ina sa ilalim ng punong mangga upang magsilbing pahingaan nila. Habang nag-aayos ng almusal ang mag-ina, nakita nila ang kanyang amang nakasakay sa kalabaw na may hilang karitong puno ng mga sako ng palay.

"Inay ang babait po ng mga kapitbahay natin. Kahit nakakapagod, handa pa rin po silang tumulong sa pag-aani," ang manghang wika ni Mina sa kanyang ina.

"Bayanihan ang tawag d'yan anak. Ganoon din ang gagawin natin kung sakaling sila naman ang mangailangan ng tulong," ang nakangiting paliwanag ng kanyang ina.



"Lando, halina kayo dito upang makakain na kayo ng mga kasama mo. Tiyak na maiibigan ninyo ang inihain naming pagkain ng iyong anak," pagmamalaking wika ng kanyang ina.

"Hmmm, mukhang masarap ang niluto mong almusal Carmen," ang sabi ng kanyang ama habang binubuksan ang takip ng kaldero.

"Tumulong si Mina sa pagluluto ng mga iyan," ani ng kanyang ina.


Ngumiti naman si Mina nang marinig ang sinabi ng kanyang ina. Pagkatapos kumain ng mga manggagapas ay nagligpit na rin ng gamit sina Mina at ang kanyang ina.



“Inay, tutulong po ako sa pagluluto ng tanghalian. Masaya po palang magluto,” ang sambit ni Mina sa kanyang ina.

“Sige anak, nagagalak ako at nakahiligan mo ang magluto. Hayaan mo at ituturo ko sa iyo ang mga natutuhan ko rin sa iyong Lola Ising,” ani ng kanyang ina.

Simula noon ay katuwang na ni Aling Carmen si Mina sa pagluluto ng pagkain. Minsan ay si Mina na rin mismo ang kusang naghahanda ng kanilang makakain.



Makalipas ang tatlong linggo, napagpasiyahan ng kanyang ama at mga kasama nito na ihanda muli ang bukirin upang pagtamnan. Inararo nila ang lupa sa bukid upang mabungkal ito. Habang nag-aararo ay may mga kababaihan at mga batang sumusunod sa likod ng pogpog. Ang pogpog ang tawag sa makinang ginagamit ng mga magsasaka upang mapabilis ang pagbubungkal ng lupa.



“Inay, ano po ang ginagawa nina Aling Rosa at iba pang kapitbahay sa likod ng pogpog?” ang manghang tanong ni Mina sa kanyang ina.

“Nanghuhuli sila ng kamaru anak,” sabi ni Aling Carmen sa anak sabay turo sa mga kapitbahay nilang nagtitilian pa sa panghuhuli ng kamaru.

“Inay, ano po iyong kamaru?” ang mausisang tanong ni Mina.

“Isa iyong insekto anak na nakukuha pagkatapos araruhin ang lupa. Masarap ito kung gagawing Adobong Kamaru. Dahil sa iba’t ibang luto ng kamaru, nakilala ang bayan natin ng ibang karatig-bayan sa Pampanga lalo na iyong Kamaru Festival natin,” ang mahabang paliwanag ng kanyang ina.



Namilog ang mga mata ni Mina nang marinig ang sinabi ng kanyang ina. Naengganyo siyang manghuli na rin ng mga ito at subukang iluto.

Masayang sinundan nina Mina at iba pa ang pogpog habang nag-aararo sa bukid. Sila naman ay tulad ng kamaru, palundag-lundag din habang hinuhuli ang mga ito. Kahit pagod sa kakahuli ng mga kamaru ay galak na galak pa rin si Mina dahil malapit na niyang mapuno ang dalang malaking sisidlang lata.

“Inay, tingnan po ninyo ang dami ko pong nahuling kamaru,” ang pagmamalaking sambit ni Mina. “Maaari po ba ninyo akong turuan kung paano po ang pagluto ng masarap na Adobong Kamaru, inay?” ang tanong ni Mina kay Aling Carmen.

“Oo naman anak! Halika ka sa kusina at nang malinis na iyang mga huli mo, pero bago iyon ikaw muna ay maligo upang matanggal ang mga putik na dumikit sa iyong mukha at katawan,” ang wika ng kanyang ina.



Tinuruan ni Aling Carmen si Mina ng tamang paglilinis at pagluluto ng kamaru.

“Magpaningas ka na riyan sa ating lutuang kahoy upang maisalang na natin itong kamaru. Kailangan pa natin itong pakuluan upang lumambot,” ang utos ng kanyang ina.

“Inay, ate ang bango ng niluluto ninyo! Ano po ba iyan inay?” ang tanong ng bunsong kapatid ni Mina.

“Adobong Kamaru anak, luto namin iyan ng ate mo. Tawagin mo na ang iyong kapatid at itay nang sabay-sabay na tayong mananghalian,” utos ng kanyang ina. Nakaugalian na ng mag-anak na sabay-sabay kumain sa hapag kainan. Mahigpit na bilin ng kanilang itay na kahit ano pa ang kanilang ginagawa basta oras ng pagkain ay dapat sabay-sabay silang dudulog sa mesa.

Nagustuhan ng mag-anak ang Adobong Kamaru na luto ng mag-ina. Nasimot ang laman ng kaldero sa sobrang sarap nito. Sa ganitong simpleng pamumuhay ay masaya na ang pamilya ni Mina.



Ngunit isang araw na malakas ang ulan ay nagpumilit ang kanilang ama na pumunta sa bukid upang tingnan ang kanilang mga pananim. Walang nagawa ang kanyang ina kahit anong pigil nito sa kanyang ama.

Pagkalipas ng ilang oras ay may biglang kumatok sa kanilang tahanan at may masamang balita itong dala sa mag-iina. Nalaglag daw sa sinasakyang kalabaw ang kanilang padre de pamilya. Nagulat ang kalabaw nang marinig ang malakas na dagundong ng kulog kaya napatakbo ito at nalaglag si Mang Lando.



Dinala nila ang kanilang itay kay Apung Tonyang upang matingnan ito. Si Apung Tonyang ay isang manghihilot at mananawas sa kanilang lugar. Siya ang madalas lapitan ng kanilang mga kapitbahay sa sandaling masama ang kanilang pakiramdam. Ang sabi sa kanila ni Apung Tonyang ay may nabali na buto sa kamay at paa ng kanilang itay at kailangang ipatingin sa isang doktor.

Umuwing malungkot ang mag-anak dahil alam nilang kailangan ng malaking halaga para mapagamot ang kanilang itay.




“Mga anak, sa ngayon na hindi pa kaya ng inyong itay na magtrabaho sa bukid kaya kailangan nating magtulungan,” ang paliwanag ng kanyang ina.

Nang oras na iyon, ramdam ni Mina ang bigat na nadarama ng kanyang ina sa nangyari sa kanyang tatay. Ang tangi niyang magagawa ay damayan ang kanyang ina at tumulong sa abot ng kanyang makakaya.

“Opo Inay, tutulong po kami sa inyo para may pambili po tayo ng gamot ni tatay at tuluyan na siyang gumaling,” sabi ni Mina.


“Salamat mga anak, hindi tayo pababayaan ng Diyos. Malalagpasan din natin ito,” sambit ng kanyang ina sa kanila.



“Inay, alam ko na po kung paano po kami makakatulong,” ang sabi ni Mina. “Magluluto po ako ng miryenda at ilalako naman po ito ng aking mga kapatid sa ating mga kapitbahay,” ang mungkahi niya sa kanyang ina.

Natuwa naman ang kanyang ina sa sinabi ng anak. Tunay ngang napakapalad niya sa kanyang mga anak dahil mababait at masunurin ang mga ito.

“Napakaganda ng naisip mo anak. Bukas na bukas din ay bibili tayo ng saging at kamote para sa iluluto mong miryenda,” wika ni Aling Carmen.



Nagtulong-tulong ang magkakapatid sa paghahanda ng kanilang minatamis na saging at kamote habang ang kanilang ina ay abalang nag-aalaga sa kanilang amang maysakit. Si Mina naman ay tuwang-tuwa sa kanyang pagluluto ng miryenda bukod sa hilig na niya ang pagluluto ay nakakatulong pa siya sa kanyang pamilya. Ang mga kapatid naman ni Mina ang naglalako ng kanyang nailutong pagkain sa kanilang mga kapitbahay.

Laging nauubos ang mga inihandang miryenda ni Mina.

Pagkalipas ng ilang linggo ay binilang nina Mina ang naipon nilang pera sa paglalako ng miryenda. Bukod pa roon ay nag-ambag-ambag din ang kanilang mga kapitbahay kaya nakalikom sila ng sapat na perang pampagamot sa kanilang ama. Lubos na nagpasalamat ang pamilya ni Mina sa kanilang mga kapitbahay sa tulong nila lalo na sa mga kaibigan ng kanyang ama na tumitingin sa kanyang mga pananim habang siya ay maysakit. Tunay ngang damang-dama nila ang diwa ng bayanihan.



Isang buwan din bago lubusang gumaling ang kanyang itay. Sa mga panahong iyon ay hindi pa rin tumigil sa pagluluto ng miryenda si Mina. Hindi lang minatamis na saging, kamote at lumpiang gulay ang kanyang niluluto, mayroon ding mga kakanin, ginataang mais at bilo-bilo. Pinagpapasalamat naman ng kanilang mga magulang ang pagtulong ng magkakapatid sa pang-araw-araw nilang pangangailangan.

"Mga anak, maraming salamat sa inyo. Hayaan ninyo babawi kami ng inyong ina sa inyong magkakapatid," ani ng kanyang ama isang tanghaling sila ay nasa hapag-kainan.

"Walang anuman po iyon Itay," masayang tugon ni Mina habang patuloy sa pagsubo ng niluto niyang *Betuteng Tugak*. Isang pagkaing Kapampangan na ang pangunahing sangkap ay palakang bukid na nilagyan ng palaman sa loob at pinrito. Takam na takam ang magkakapatid habang pinapapak ang niluto ng kanilang ate.



Nang sumapit na ang gabi ay narinig ni Mina ang kanyang mga magulang na nag-uusap habang nakaupo sa kawayang bangko sa labas ng kanilang bahay. Maliwanag ang buwan kaya kitang-kita niya ang kanyang ama't ina kahit walang ilaw sa labas.

"Carmen, napakapalad natin sa ating mga anak. Wala man tayong marangyang buhay ay mayaman tayo sa pagmamahal ng ating mga supling," ang maluha-luhang wika ng kanyang ama. "Ano kaya kung ipasyal natin sila minsan?" ang wika ng kanyang ama.

"Sabagay Lando matagal-tagal na rin noong huli tayong nakapamasyal na magpapamilya," tugon ng kanyang ina.




Hindi naman maitago ni Mina ang pananabik sa kanyang narinig dahil napakatagal na ring panahon nang sila ay nakapamasyal lalo na at nagkaroon ng pandemya. Papasok na sana siya sa kanilang tahanan nang mapansin siya ng kanyang tatay. Tinawag siya at pinaupo sa tabi nila.

“Mina anak, alam namin ng iyong ina na sa kabila ng iyong murang edad ay ginagampanan mo ang iyong tungkulin bilang panganay upang kami ay iyong matulungan. Naisip namin na sa susunod na Sabado ay mamamasyal tayo kina Lola Ising mo sa San Fernando. Matagal na panahon na rin buhat ng huli tayong bumisita sa kanya,” sambit ng kanyang ama.

“Maghahanda tayo ng masarap na pasalubong para sa lola mo Mina,” ang wika ng kanyang ina.





Napangiti naman si Mina sa narinig. Matagal-tagal na rin kasi nang huli niyang nasilayan ang kanyang lola. Malayo kasi ang San Fernando sa kanilang lugar. Lalo pang nadagdagan ang kanyang pananabik dahil ipapatikim niya sa kanyang lola ang mga lutuing tinuro ng kanyang ina.

"Inay, tiyak po na matutuwa si Lola kapag natikman niya ang luto ko," ang sambit ni Mina.

Tinugon naman siya ng isang ngiti at tapik sa likod ng kanyang ina. "Pumasok na tayo sa loob ng bahay at lumalamig na ang simoy ng hangin. Nalalapit na kasi ang Pasko," ani ng kanyang ina.

Biglang naisip ni Mina na malapit na nga ang Pasko pero ni maliit na parol ay walang nakasabit sa kanilang tahanan. Wala ring kumukutitap na mga ilaw na makikita sa paligid ng kanilang bahay.

Sumapit na ang Sabado, ang araw na pinanabikan nilang magkakapatid. Maagang gumayak sina Mina at ang kanyang ina. Nagluto sila ng mga paboritong pagkain ng kanyang Lola Ising. Naghanda sila ng sumang malagkit at nilupak na saging.

"Ang sasarap ng niluto ninyo Carmen," ang bungad ng kanyang itay habang tinitikman ang natirang nilupak sa pinggan.

"Oo nga po Inay, masarap din po itong sumang malagkit," wika ng magkapatid habang nginunguya ang pagkaing nasa kanilang bibig.

"O, tara na para makarating tayo agad sa inyong lola at matikman na niya itong niluto ng ate ninyo," ang yaya ng kanyang ama.



Tuwang- tuwa ang magkakapatid sa kanilang mga nakikita sa daan habang sila ay nakasakay sa isang pampasaherong dyip. Marami na rin kasing nagbago buhat nang sila ay huling nakapunta ng San Fernando.

"Inay, tingnan po ninyo may mga nakasabit pong mga malalaking parol sa gilid ng daan. Ang gaganda po ng mga parol Inay," sabi ni Caloy.

"Makikita ninyo ang tunay na ganda ng mga iyan kapag gabi na," wika ng kanyang ina.

"Inay, bakit ang dami pong nakasabit na parol dito?" ang nagtatakang tanong naman ni Ruben.

"Anak, ang San Fernando kasi sa Pampanga ay kilala sa paggawa ng mga makukulay na parol. Dumarayo pa nga ang ibang tao rito para makabili lamang ng mga parol. Kakaiba kasi ang mga parol na gawa ng mga taga- San Fernando. Bukod sa maganda nitong disenyo ay mayroon pa itong makukulay na ilaw na sumasabay sa himig ng pamaskong kanta," ang paliwanag ng kanyang ina.



Nang sumapit na sila sa tapat ng bahay ng kanilang lola ay nakita nila itong nakaupo sa isang tumba-tumba malapit sa kanyang hardin.

“Lola, mano po,” ang bati ng magkakapatid sabay kuha sa kamay ng kanilang lola.

“Naku mga apo ang lalaki na ninyo,” ang natutuwang wika ng kanilang lola habang pinaghahalikan ang mga ito sa pisngi.



“Lando, Carmen bakit ngayon lang kayo napadalaw dito sa amin?” ang may himig na pagtatampong tanong ni Lola Ising sa mag-asawa.

“Inay, ilang buwan din po kasing naratay itong si Lando. Nalaglag po siya sa kalabaw at nabalian ng buto sa kamay at paa,” ang pagpapaliwanag ni Carmen sa kanyang ina.

“Ganoon ba? Mabuti naman at maayos ka na Lando. Sa susunod ay mag-iingat ka,” ang paalala ni Lola Ising.” Kayo naman mga apo, kumusta na kayo?”

“Lola mabuti naman po kami. Ito po pala mayroon po kaming munting pasalubong po sa inyo,” sambit ni Mina sabay patong sa dala nitong basket sa maliit na mesa sa gilid ng tumba-tumba ng kanyang lola.



Binuksan ni Lola Ising ang laman ng basket. Napangiti siya nang masilayan ang mga paborito niyang pagkain.

"Inay, niluto po iyan ni Mina para sa inyo," ang wika ni Aling Carmen.

"Ikaw ba ang nagluto ng lahat ng ito, Mina? Naalala ko tuloy noong mga panahon kaya ko pang magluto ng suman at iba pang kakanin," ang maluha- luhang kuwento ng kanyang lola habang tinitikman ang mga dala nilang pasalubong. "Napakapalad mo Carmen at may nagmana sa husay mong magluto," patuloy na wika ni Lola Ising.

"Oo nga po Inay, magaling pong magluto itong si Mina. Nasa dugo na po yata natin ang pagluluto Inay. Sabi nga po ninyo basta Kapampangan ay magagaling at masasarap magluto," ang pabirong tugon ng kanyang ina.



Naging masaya ang pamamasyal nina Mina sa kanyang lola. Nakipaglaro sila sa kanilang mga pinsan at nagkaroon ng mga bagong kaibigan.

Nang sumapit ang oras na magpapaalam na ang mag-anak kay Lola Ising ay nalungkot ang matanda subalit, nangako naman ang kanyang inay na dadalaw muli sila sa susunod na buwan.

Muling sumakay sa isang dyip ang mag-anak pauwi sa kanilang lugar. Namangha ang mga bata sa kanilang nakita sa gilid ng daan, mga makukulay at kumukutitap na mga parol na nakasabit sa bawat poste.

“Mga anak, iyan ang sinasabi ko kanina sa inyo,” sabay turo sa mga parol. “Tuwing gabi ay makikita ninyo ang tunay na ganda ng mga parol na iyan, bukod sa dagdag atraksiyon napapawi pa ng mga ito ang pagod ng mga manlalakbay,” ani ng kanyang ina.



Hindi naman magkamayaw ang mga bata sa kakatingin sa mahabang kalsadang punong-puno ng mga makukulay na ilaw at naggagandahang mga parol.

“Ang parol ang palatandaan na malapit na talaga ang Pasko mga anak,” ang wika ng kanilang itay. “Hayaan ninyo ipagdiriwang natin ang Pasko kasama ng inyong Lola Ising,” dagdag pa nito sa kanila.

Napangiti naman ang mga bata sa kanilang nalaman at wari sa isip nila ay sana sumapit na ang Pasko.

Pagkababa nila sa dyip ay may nagtitinda ng mga plastik na parol.

“Bili na po kayo ng parol,” ang alok ng tindero sa kanila.

“Mina, pili na kayo ng parol at para naman may mailagay tayo sa ating tahanan,” ang utos ng kanilang tatay.



Natuwa ang mga bata at agad din silang pumili ng parol. Isang kulay dilaw na parol ang kanilang nagustuhan.

"Inay, Itay hindi man po ito kasing ganda ng mga nakita po naming parol kanina ay masaya na po kami at mayroon na po tayong isasabit sa ating tahanan," sambit ni Mina.

"Anak tandaan ninyo ang tunay na diwa ng Pasko ay ang pagsasama at pagmamahalan ng bawat tao. Tulad ng mayroon tayo sa ating pamilya," paliwanag ng kanilang ina.

"Tatandaan po namin iyan Inay, Itay," ang sambit ng mga bata.



Sumapit na ang araw ng Pasko. Masaya ang lahat lalo na ang magkakapatid dahil pupunta sila sa kanilang Lola Ising at doon magpapasko. Naghanda ng biko na may latik si Mina, nagluto naman ang kanyang nanay ng Kalderetang Bibe at Burung Talangka. Alam kasi ng kanyang ina na tuwing Pasko ay nagsisiuwian ang iba pa niyang kapatid para magkasama-sama sila sa araw na iyon. Nakaugalian na nilang mag-anak na sa bahay ni Lola Ising ipagdiriwang ang Pasko. May mga bitbit na pagkain ang bawat pamilya na ilalapag sa mahabang mesa na kanila namang pagsasaluhan.

Tuwang-tuwa ang magkakapatid ng araw na iyon. Masayang-masaya rin ng sandaling iyon si Lola Ising dahil muling nagkasama-sama ang kanyang mga anak at mga apo. Minsan lamang sa isang taon mangyari ito kaya nananabik ang lahat ng sila ay magkita-kita.



Nang gumabi na sinindihan na nila ang makukulay na ilaw at ang malaking parol na nakasabit sa harap ng bahay. Pinailawan na rin nila ang Belen na nakalagay sa gilid ng hardin.

“Iyan anak ang sumisimbolo ng kapanganakan ng Panginoong Hesus,” ang wika ng kanyang ina sabay turo sa Belen.

“Heto ang maliit na bituin. Ipatong mo sa itaas ng Belen anak,” ang utos ng kanyang tatay.

Hindi maipaliwanag ni Mina ang kanyang nararamdaman habang inilalagay ang maliit na bituin sa itaas ng Belen. Tiningnan niya nang mabuti ang mga nandoon sa loob ng sabsaban. Naglalarawan iyon ng isang masayang pamilya na may simpleng pamumuhay. Isang sanggol na nakahiga sa dayami habang masayang pinagmamasdan ng kanyang mga magulang. Naalala niya ang buhay na mayroon sila sa bukid at ang bilin ng kanilang mga magulang.

“Ito ang tunay na diwa ng Pasko,” ang nakangiting sambit niya sa kanyang sarili habang nakamasid sa kanyang pamilya na nagkakasiyahan.

Natigil naman ang lahat nang marinig nila ang kalembang ng kampana ng simbahan.

“Oras na para Siya naman ang ating dalawin,” ang nakangiting wika ng kanyang Lola Ising.





Si Mina at ang kanyang pamilya ay nakatira sa isang bukirin kung saan payak ngunit masaya ang kanilang pamumuhay.

Ngunit isang araw ay nalaglag sa sinasakyang kalabaw ang kanyang tatay at nabalian ng buto sa kamay at paa. Dahil dito, kailangan nilang makalikom ng malaking halaga para siya ay mapagamot sa ospital.

Bilang panganay na anak, ano kaya ang gagawin ni Mina upang maipagamot sa ospital ang kanyang tatay? Halina't tunghayan natin sa kuwento!

